フィリピノ語版

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 172

地域から始めよう しずおか防犯まちづくり


Ika-16 ng Oktubre 2020

Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan

Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko





Maraming tao na mataas ang kaalaman pagdating sa pag-iwas sa krimen ang tumigil at lubos na nakinig sa mga ipinaliwang na babala!



May mga insidente na ang mga lalaking nagpapanggap bilang taga-inspeksyon ng kumpanya ng gas at iba pa ay tinatali ang may-ari ng bahay, sinasaktan at pinagnanakawan ng pera o ATM kard sa Tokyo at karatig pook.

Sa Shizuoka, may mga naitalang insidente noon Setyembre 29 (Martes) sa lungsod ng Mishima at Fuji kung saan may tumawag at nagpanggap na taga-kumpanya ng gas o kuryente. Inaasahan na darami pa ang bilang ng mabibiktima kaya ang lalawigan at kapulisan ay pinaigting ang kampanya na umiwas sa krimen.

## ~Hakbang para Iwas-Krimen~

- Ikandado natin ang pintuan sa harap ng bahay kahit nasa bahay lamang tayo.
- Kapag may tumawag na nagpakilala na taga-kumpanya ng gas o kuryente at magsasagawa diumano ng inspeksyon, tumawag tayo sa kumpanya na nagbibigay nitong serbisyo sa atin para tiyakin kung may isasagawa ba talagang inspeksyon.
- Kapag wala nakatakdang inspeksyon o di kaya nakaramdam ng pagdududa sa uniporme o asta ng bumisitang taga-inspeksyon, tumawag agad sa 110 at ipaalam ito.
- Isang bahagi ng mga kaso ng mga naganap na pagnanakaw ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagtawag sa landline para manloko. Isagawa natin ang hakbang para makaiwas dito tulad ng paggamit ng answering machine kahit nasa bahay tayo.

**Pinagmulan: Kapulisan ng Shizuoka Bersyon ng Shizuoka Kawara**

# Pagsasagawa ng「Symposyum Tungkol sa Kapahamakan Dulot ng Sekswal na Karahasan」!

Upang matulungan natin ang mga nakaranas ng sekswal na karahasan, mahalagang malaman ang paligid na ginagalawan ng mga biktima. Kapag ang mahalagang tao sa atin ay mabiktima o kapag kinonsulta tayo tungkol sa pinsala, ano ba ang dapat gawin? Pag-isipan at unawain natin ang mga hakbang pagdating sa sekswal na karahasan.

Ito ay isang mahalagang pagkakataon para mapakinggan ang panayam ni Dra. Michiko Shirakawa na pinuno ng Dibisyon ng Psychiatry at Child Psychiatry sa Ospital ng Tenryu at kauna-unahang pinuno ng Hamamatsu Seishin Hoken Fukushi Senta bukod pa sa kanyang mga gawain sa paggamot ng mga pasyenteng may trauma mula sa DV at sekswal na karahasan. Ito ay mahalagang pagkakataon rin na mapakinggan ang mga dalubhasa sa biktima ng sekswal na karahasan at mga tulong na ipinaaabot sa kanila at isyu ng gender.

S.O.R.A

★ **Kailan** Nobyembre 14, 2020 (Sabado) 1pm～4pm

★ **Saan** Hamamatsu-shi Chiiki Jōhō Senta Hall
（10 minutong lakad mula sa istasyon ng JR Hamamatsu

★ **Paksa** Tagapagsalita：Dr. Michiko Shirakawa (Psychiatrist）
Paksa: Pag-unawa at pag-alaga sa matatanda at bata mula sa sekswal na karahasan
～Para manumbalik sa dati ang mahal ko sa buhay～

Libre



★ **Panel Discussion**
Tatalakayin: Pagkasangkot sa sekswal na karahasan

★ **Bilang ng Kalahok** 1. 50 katao ang kapasidad sa pagdadausan、2. Live streaming (I-upload it so YouTube pagkaraan ng ilang araw)

★ **Huling Araw ng Aplikasyon** Kinakailangan dumating ito ng Nobyembre 9, 2020 (Lunes)


★ **Paraan ng Aplikasyon** Kinakailangang magpasa ng aplikasyon sa Kurashi Kōtsu Anzen-ka sa pamamagitan ng fax, e-mail or koreo. (Para sa detalye, bisitahin ang website ng lalagiwan or basahin ang leaflet)
https://www.pref.shizuoka.jp/kenmin/km-130/sinpoziumu2020.html

★ **Tagapangasiwa** Lalawigan ng Shizuoka

# Alintuntunin sa Pagbibisikleta sa Shizuoka

Ipinatutupad noong Abril 1, 2019 ang "Alituntunin para Maitaguyod ang Ligtas at Angkop na Pagbibisikleta sa Shizuoka" upang ligtas na makapagbisikleta sa Shizuoka. Bukod dito, 1 taon na ang nakalipas mula nang ipatupad ang "Regulasyon sa Pagsusuot ng Helmet ng mga Estudyante sa Elementarya at Junior Haiskul" at "Regulasyon na Pagkakaroon ng Insurance Para sa Aksidente sa Bisikleta" na ipinatupad noong Oktubre 1, 2019.

**Ang regulasyon na kailangan magkaroon ng insurance sa bisikleta ay para sa lahat ng gumagamit ng bisikleta.** Siguraduhin natin na tayo ay may proteksyon ng insurance (at patuloy na may proteksyon).




# Para mapangalagaan ang mahalagang bisikleta

**Pagnanakaw ng bisikleta** (Krimen sa pagnanakaw ng bisikleta)

1,707 kaso kada taon (PInagmulan: HP ng Kapulisan 2020/1/1～10/8)



Sa mga naganap na krimen sa loob ng Shizuoka, ito ang ikalawang pinakamaraming kaso pagkatapos ng pagnanakaw sa tindahan.

○**70% ng pagnanakaw ay dahil nakalimutang ikandado**
(Pinagmulan: HP ng Kapulisan (2019 na datos)

**→Ikandado ang bisikleta kahit panandalian lamang iiwanan ito!**

**→Kabitan ng 1 pang kandado para magkaroon ng dalawang kandado.**